Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION

Patalastas Bilang 05, s. 2017

# PATALASTAS

**SA** : **LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA** : **Implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 ng Komisyon sa Wikang Filipino**

Ayon sa Batas Republika Blg. 7104, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay itinakdang magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika ng kapuluan.

Kaugnay nito, malugod na hinahangad ng KWF na buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, 25 Agosto 1988, na pormal na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Dahil dito, nais ipabatid ng KWF na ang kanilang tanggapan ay nakahandang magkaloob ng pagsasanay sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, Pagsasalin at Mabisang Pagpapahayag tungo sa mahusay at de-kalidad na paggamit ng Wikang Filipino ng pamahalaan.

Ang lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno ay hinihikayat na dumalo sa nasabing pagsasanay. Ang pagdalo ng mga kinatawan sa opisyal na oras ay nasa pagpapasiya na ng tagapangulo ng ahensiya, alinsunod sa Komisyon ng Serbisyo Sibil Memorandum Circular Blg. 43, s. 1993.

Para sa karagdagang detalye at/o iba pang katanungan kaugnay ng proyektong ito, maaaring makipag-ugnayan kina Lourdes Z. Hinampas, Pinky Jane S. Tenmatay at Miriam Cabila sa numero bilang 708-6972 o mag e-mail sa jinghinampas@gmail.com at tenmataypinkyjane@rocketmail.com.

**ALICIA dela ROSA-BALA**
Tagapangulo

08 FEB 2017